# "انصر نبيَّك" باللغة الفلبينية

# ITAAS MO ANG IYONG PROPETA

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

Kung saan ang kamangmangan at maltrato ay laganap, wasak na tahanan, hiwalayan ,pagtatambal sa diyos at kaligawan ay nasa lipunan. Ito ay lahat naitama sa paglabas ng bagong liwanag, liwanag na tatanggalin ang dilim.

Siya ay si Propeta Muhammad sumakanya nawa ang kapayapaan, sinabi ng Allah ﷻ tungkol sa Propeta Muhammad ﷺ : "Tunay ikaw ay nagtataglay ng dakilang pag-uugali". Ugali na walang tao ang kahit kailan kaya ito marating.

Si Propeta Muhammad ﷺ ay may malawak na pag-unawa at pag-iisip, mayaman na personalidad, mapagpatawad na puso, matinding pagpipigil, palayo sa mga nakakasira ng kanyang pagkatao.

Pinakamapagpakumbaba, bukas lagi ang palad sa pagtulong sa kanyang pamilya at nasasakupan.

Hindi nagdadalawang isip na bisitahin ang mga muslim at hindi muslim lalo na kapag sila ay may kapansanan, inaanyayahan sila sa kabutihan at tapat na pagpapayo.

Kahit kailan hindi nang-agrabyado ng bata, babae, mahina at mahihirap na pati ang kanyang awa ay sakop ang mga hayop.

Minsan na sya ay pinuri ng hindi muslim na may pangalan na **Johann Goethe**: "Kahit pagsamahin ang buong opinyon ng Europa hindi natin kayang abutin ang narating ni Muhammad".

Ganun rin ang sinabi ni **George Bernard Shaw**: "Matindi ang pangangailangan ng mundo sa katulad ng pag-iisip ni Muhammad".

**Tolstoy** na internasyonal na manunulat: "Tunay na ang turo ni Muhammad ay ang magdadala sa buong mundo sa tama dahil ito ay turo na tanggap ng isipan at kaalaman".

Tayong mga muslim ay dapat proteksyunan ang ating pinakamamahal na Propeta sa pamamagitan ng paghawak at pagsagawa ng kanyang iniwan na katuruan, paglaganap ng kanyang magagandang katangian at tanggalin ang mga maling haka-haka tungkol sa kanya.

Ito ay kulang sa paggugol ng Propeta sa buong buhay niya maiparating lamang ang kabutihan sa mga tao at hindi pa dito natapos, kanyang hiniling pa mula sa Allah ﷻ ang pahintulot na siya ay maging tagapamagitan sa araw ng paghuhukom para sa atin.

Tunay na sinabi ni Allah ﷻ Sa Qur'an: "Hindi ka pinadala sa sanlibutan kungdi bilang awa".

والله تعالى أعلم...